

Ikaw ay may impeksyon ng TB (isang uri ng TB)

You have TB infection (a type of TB)

Ito ay nangangahulugang ikaw ay may mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan, pero hindi mo nararamdaman na may sakit ka. Hindi ka makapagbibigay ng impeksyon ng TB sa iyong pamilya o ibang mga tao.

This means you have TB germs in your body, but you don't feel sick. You can't give TB infection to your family or other people.

Mahalagang uminom ngayon ng gamot para sa impeksyon ng TB.


It is important to take medicine for TB infection now.



May impeksyon ng TB
Has TB infection



Umiinom ng gamot sa TB
Takes TB medicine



Sa pag-inom ng iyong gamot sa TB, maaari mong pigilan ang sakit na TB at panatilihin ang iyong pamilya!

By taking your TB medicine, you can prevent TB disease and keep your family healthy!

Bakit dapat uminom ng gamot sa TB ngayon?

Why take TB medicine now?

Ang impeksyon ng TB ay maaaring maging sakit na TB.

TB infection can turn into TB disease.

Ang sakit na TB ay maaaring makapinsala sa anumang bahagi ng katawan, pero ito ay karaniwang nakapinsala sa mga baga. Kapag ang mga tao ay may sakit na TB, karaniwang nararamdaman nila na sila ay may sakit.

TB disease can hurt any part of the body, but it usually hurts the lungs. When people have TB disease, they usually feel sick.

Kung ikaw ay magkaroon ng sakit na TB, ikaw ay maaaring:

If you become sick with TB disease, you might:



May lagnat
Have fever



Nababawasan ng timbang
Lose weight



Inuubo
Cough



Napapagod
Feel tired



Pinapawisan sa gabi
Sweat at night

Kung ikaw ay magkaroon ng sakit na TB, maaari ka ring magbigay ng TB sa iyong pamilya o sa ibang mga tao.

If you become sick with TB disease, you can also give TB to your family or other people.